## Office of the City Mayor

#### **EXECUTIVE ORDER NO. 12 Series of 2020**

Effective March 23, 2020 at 12:01am & Expiring on April 14, 2020



City of General Trias Anti-COVID Task Force ang siyang mag-monitor naatasang i-assess ang pagpapatupad mga direktiba, at magrekomenda ng pag-amiyenda nito.

Ang mga Direktibang ito ay naglalayon na mas lalong gawing epektibo ang ating mga hakbang upang pigilan ang pagkalat ng COVID-19.

MAKIISA PO TAYO AT MAKIPAGTULUNGAN **UPANG LABANAN ANG COVID-19.** STAY AT HOME AND BE PART OF THE SOLUTION.





## Office of the City Mayor

#### **EXECUTIVE ORDER NO. 12 Series of 2020**

Effective March 23, 2020 at 12:01am & Expiring on April 14, 2020



Ang mga Pamahalaang Barangay ay maglalagay ng mga Control Points sa kanilang lugar upang sitahin at ang mga lumalabag huliin quarantine. Sisiguraduhin din nila na ang mga Non-Essential Business ay mananatiling SARADO.



Ang mga sumusunod na Essential Establishments ay mananatiling bukas bagamat dapat may Shuttle Service o Temporary Housing ang kanilang mga epleyado at mahigpit nilang sinusunod ang Social Distancing Policy sa kanilang establisyamento:

- 1. Food and Medicine Production and Distribution
- 2. Public Markets, Supermarkets, **Groceries and Convenience Stores**
- 3. Hospitals, Medical Clinics, Pharmacies and Drug Stores
- 4. Food Preparation and Delivery Services

- 5. Water Refilling Stations
- 6. Manufacturing and Processing Plants of basic Food Products and Medicines
- 7. Banks and Money Transfer Services
- 8. Power, Energy, Water and Telecommunications and facilities at
- 9. Export-Oriented Companies



### Office of the City Mayor EXECUTIVE ORDER NO. 12 Series of 2020

Effective March 23, 2020 at 12:01am & Expiring on April 14, 2020



Para sa mga Essential Businesses na may Temporary Housing para sa mga empleyado nito, papayagan silang mamili ng kanilang pang araw-araw na pangangailangan basta designated Liason Officer lamang ang gagawa nito gamit ang company vehicle.



Lahat ng Non-Essential Business na mahuhuling lalabag sa Enhanced Community Quarantine ay ipasasara at kakanselahin ang Business Permit.





# Office of the City Mayor EXECUTIVE ORDER NO. 12 Series of 2020

Effective March 23, 2020 at 12:01am & Expiring on April 14, 2020



Patuloy na papayagan ang pagpasok at paglabas ng mga Kargamento (food and non-food) sa lungsod sang ayon narin sa kautusan ng Department of Trade and Industry. Ngunit dapat may mga kaukulang dokumento ang mga ito na ipapakita sa Control Points para i-validate.



Ang mga Empleyado ng Essential Businesses ay papayagang pumasok sa mga Control Points ngunit kailangan magpakita ng Company I.D., Proof of Residence o Certificate of Employment. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-gala nila sa lansangan. Dapat ay daretso sa trabaho o kaya sa kanilang Company Shuttle Pick-Up points.



## Office of the City Mayor EXECUTIVE ORDER NO. 12 Series of 2020

Effective March 23, 2020 at 12:01am & Expiring on April 14, 2020



Ang lahat ng residente ay dapat sumusunod sa Home Quarantine protocols at mamalagi sa loob ng kanilang tahanan. Tanging mga may Quarantine Pass lamang ang papayagang lumabas upang bumili ng pagkain, gamot at iba pang pangangailangan.



Ang sino mang makikita sa labas ng kanilang tahanan na walang Quarantine Pass ay huhulihin ng Barangay at Philippine National Police.